



MGA KATOTOHANANG DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA SLOT MACHINE!

Lahat ng tsansang manalo ay hindi pare-pareho.

Sa I Heart triple Diamond penny machine, ang tsansa ng anumang panalo ay 1 sa 12, at ang tsansa ng panalong jackpot ay 1 sa 649,400.

Mas maliit na mga panalo.

Mas malaking tsansang manalo ng maliliit na panalo sa mga slot machine kaysa sa jackpot.

Hindi lahat ng slot machine ay magkakatulad.

Ang ilan ay nagbibigay ng malilit pero madalas na panalo at mga bonus na laro o spin, habang ang iba naman ay bihirang nagbibigay pero mas malalaking panalo.

Pera = Credit

Kapag naglagay ka ng pera sa isang slot machine, ito ay ipinapakitang mga credit. Tumataas ang bilang ng mga ito kung ikaw ay nanalo at bumababa naman ang bilang kung ikaw ay natatalo.

ANO ANG NASA LOOB NG ISANG SLOT MACHINE?

Ang mga slot machine ay mga kompyuter na gumagamit ng mga random number generator na siyang nagbibigay ng resultang panalo o talo sa bawat laro o spin. Ang mga ito ay lumilikha ng daan-daang o libu-libong numero kada segundo—ang mga resulta ng slot machine ay nakadepende sa numerong nalilikha sa tamang sandali na ginamit mo ito. Sa pamamagitan ng paggamit ng random number generator, napaka-imposibleng mahulaan ang resulta ng bawat laro dahil bawat sunod na laro ay naiiba o hindi konektado sa mga naunang mga laro.

Mas maraming laro o taya ay hindi nangangahulugang mas malaki ang tsansang manalo. Kung pagsasamahin mo ang lahat ng ito, maaaring lumabas na mas marami ang natalo sa iyo kaysa napanalunan mo.



Perang Itinaya

MAY IBANG MGA TANONG?

Magtanong sa isang GameSense Advisor sa casino, bisitahin ang GameSense.com o tumawag sa 1-866-815-0222.

PAANO GUMAGANA ANG MGA SLOT MACHINE



Lahat ng dapat mong kailangang malaman tungkol sa mga slot machine.

GameSense

bele



SUWERTEHAN LANG BA ANG TSANSANG MANALO SA MGA SLOT MACHINE, o kailangan ng abilidad sa paglalaro para manalo?

Karamihan sa mga slot machine ay swertehan. Pero sa ilang makina, ang mga bonus na laro ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataong impluwensiyahan ang resulta sa pamamagitan ng inter-aksyon na parang sa isang arcade-style video game. Habang ang abilidad ay maaaring makatulong, ang random number generator ng slot machine ay siyang madalas na nagbibigay ng resulta kung ikaw ay nanalo ng bonus game at kung magkano ang dapat mong mapanalunan. Sa madaling salita, ang swerte ay malaking bahagi pa rin ng paglalaro.

ANG MAS MARAMI AT MAHABA-HABANG LARO BA AY nagbibigay ng mas marami at malalaking panalo?

Hindi. Sa mga slot machine, ang tiyaga sa paghihintay ng panalo ay hindi umuubra. Ang resulta ng bawat laro ay hindi mahulaan at wala itong kinalaman sa resulta ng mga nauna o sa mga susunod na laro. Ang mga makina ay hindi kailanman nagtakda ng oras kung kailan magbibigay ng panalo at hindi rin “nanlalamig” pagkatapos ng isang panalo.

ANG MGA MAKINA BANG PINAKAMALAYO SA AISLE AY NAGPAPANALO NG MAS MALAKI dahil ang mga ito ay pinaglalaruan nang mas madalang?

Walang kinalaman ang dalas ng paglalaro sa isang makina sa pagbibigay nito ng panalo sa susunod na laro. Ang mga panalo ay depende sa mga itinakdang “tsansa ng panalo” sa bawat makina at sa hindi mahulaang resultang ibinibigay ng kanyang random number generator.



ANG NILALARO KONG SLOT MACHINE AY AGAD NAGBIGAY NG JACKPOT PAGKAALIS KO. Kung hindi sana ako umalis, nanalo ba ako?

Imposibleng masabi. Dahil ang mga random number generator ang nagbibigay ng resulta sa bawat laro at ito ay walang kinalaman sa mga resulta ng mga nauna o mga susunod na laro. Ang mga resulta ng mga laro ay depende sa numerong nilikha ng random number generator sa sandaling pinindot ang play button o paghila sa play lever. Ang mga susunod na resulta ay walang kinalaman sa mga resultang lumabas noong ikaw ay naglalaro.

ANO ANG AKING TSANSANG manalo?

Depende. Ang iyong tsansang manalo ay depende sa makinang pinili mo at gaano karaming kredit ang iyong itinaya. Pero dapat tandaan na ang resulta ay laging pabor “sa house.” Sa paglipas ng oras, huwag umasang aalis ka ng mas maraming pera kaysa noong dumating ka.

1:37
1:4